M14/1/AXFIL/HP1/TGL/TZ0/XX

22140073

International Baccalaureate®
Baccalauréat International
Bachillerato Internacional

**FILIPINO A: LITERATURE – HIGHER LEVEL – PAPER 1**
**FILIPINO A : LITTÉRATURE – NIVEAU SUPÉRIEUR – ÉPREUVE 1**
**FILIPINO A: LITERATURA – NIVEL SUPERIOR – PRUEBA 1**

Friday 9 May 2014 (morning)
Vendredi 9 mai 2014 (matin)
Viernes 9 de mayo de 2014 (mañana)

2 hours / 2 heures / 2 horas

---

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Write a literary commentary on one passage only.
- The maximum mark for this examination paper is *[20 marks]*.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- N’ouvrez pas cette épreuve avant d’y être autorisé(e).
- Rédigez un commentaire littéraire sur un seul des passages.
- Le nombre maximum de points pour cette épreuve d’examen est *[20 points]*.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Escriba un comentario literario sobre un solo pasaje.
- La puntuación máxima para esta prueba de examen es *[20 puntos]*.


© International Baccalaureate Organization 2014

*Sumulat ng komentaryong pampanitikan sa alinmang* ***isa*** *sa dalawang sumusunod:*

**1.**

Mahirap ang naging buhay niya. Pero hindi naman paghihirap ang lahat. Sa Germany niya naramdaman ang dignidad ng pamumuhay sa sariling pawis. Kinaya niyang buhayin ang sarili. Nagkaroon siya ng trabaho. Hindi na niya kayang bilangin kung ilang palapag at kubeta ang kanyang kinudkod; ilang *nurses* ang natulungan niya sa pag-aalaga ng maysakit at matatanda. Minsan ay nagtrabaho pa siya sa pabrika ng damit. Kung may pagkakataon lamang, mabubuhay siya ng hindi aasa. Kakayanin niyang alagaan ang kanyang sarili. At hindi niya maunawaan kung bakit hindi siya mabigyan ng *visa*. Nagbigay pa siya ng nilagdaang salaysay sa opisina ng *immigration* na hindi siya magiging kakulangan. Hinamon pa niya ang opisyal na tingnan ang kanyang *social security record*, kahit minsan ay hindi siya humingi ng tulong sa pamahalaan nila. Pero sinabihan siya na wala siyang karapatang manatili sa bansa. Maliban lamang siguro, matahimik niyang naisip, kung dadalhin niya sa pag-uwi ang pitong taong alaala upang idagdag sa alaalang nagtulak sa kanya upang ilakip at ipinid sa sobre ang natitirang tag-init ng kanyang buhay […]

Panahon ng pamamayapa, naisip niya, upang muling isilang. Kinuha niya ang pangginaw at naglakad sa kalye. Tiyak ang mga hakbang. Tumigil siya sa harap ng Katedral, ang kilalang katedral ng Cologne. Doon niya napagpasyahang makipagdiborsyo kay Sigmund. Umupo siya sa isang tabi nang napanuod ang pagpipinta ng isang *artist* sa daan. May kulay na *chalk* ang kanyang ginagamit. Namamangha siya sa pagod na ibinibigay ng *artist* samantalang alam naman na di magtatagal ang kanyang sining sa dami ng mga taong nagdaan. Naisip niya na hindi bale-wala ang lahat, may mga bagay na dapat gawin, upang ipakita ang esensiya o upang tumuklas, anuman ang kahihinatnan nito. Napatingin sa kanya ang pintor at ngumiti, ginantihan niya ang ngiti.

Matimtiman niyang pinagmasdan ang katedral. Sa kanya, isang kanlungan ang katedral. Nalilimutan niya dito ang pait ng buhay. Nadadala siya nito sa isang daigdig ng pangarap. Napagdaanan ng katedral ang pagsubok ng panahon, maging ang kahinaan ng tao. Pumikit siya na wari ay iginuguhit ang larawan ng katedral sa isip. Nagtayo rin siya ng katedral ng pangarap, subalit binigo ng pagkakataon. Isang ilusyon ang pangarap, subalit tunay ang pait. At alam niyang iguguhit niya ang katotohanan ng pait na kabahagi ng pangarap upang makabangon. Tumayo siya na nangingilid ang luha, minamasdan ng matagal ang katedral, alam na huli na ito bago balikan ang landas pabalik sa apartment, pabalik sa kanyang bayan. Kailangan niyang ihanda ang kanyang mga gamit, magpaalam sa mga kaibigan. Mananatiling bahagi ng kanyang pagkatao ang Germany, ng kanyang pangarap, ng katotohanan. Dadalhin niya ang pait at tamis, tulad ng alaala ng katedral – maganda at kung minsan malamig at malayo. Magsisimula ang kanyang pangarap sa katotohanan. At naglalandas ang luha sa pisngi, matamis ang ngiti ni Luvee nang lumapag ang eroplano sa *airport*. Magaan ang kanyang hakbang palabas. Sumakay siya ng isang taksi pabalik sa kanyang bayan.

Nena Gajudo, *Mga Hibla ng Pangarap* (1994)

**2.**

**Ang Likas sa Atin**

tahimik
malamig
payapa ang
gabi ngunit
binabasag ng
araw ang
salamin ng
langit upang sa
pagtanda ng
lupa at
paglaho ng
lakas ng
taksil na
hari ay
magsimula ang
paglapat ng
lamat ng mga
bituin sa
nabubuong
mukhang itim

Emmanuel Quintos Velasco, *Dalawang Pulgada at Tubig* (2011)